ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
LAYOUT ARTIST
Look for KA INDO
JUST CALL OR TEXT:
0997-9088638/ 0918-6174067

Taon 3 • Blg. 23 Oktubre 15-21, 2018 • P10.00

# NAMAMATAY NA PRESO SA CAVITE, NADAGDAGAN NA NAMAN

pahina 2




## BABALA SA MGA NAGMAMANEHO NG MOTORSIKLO SA CAVITE

pahina 12

## DOH-CALABARZON TO PROVIDE MORE SIGNIFICANT PROGRAMS FOR URSES IN THE REGION

pahina 7

## Bronze Medal hatid ni world class bowler PH bet Kenzo Umali

p.6

## CAVITE TEACHES STUDENTS TO BECOME ENTREPRENEURS

pahina 5

## MUSEO DE LA SALLE TO FEATURE CIRCA '50s-90s' FASHION IN CAVITE

p. 4

## DECENT CAREERS FOR PRODUCTIVE AND EFFECTIVE CAVITEÑOS

pahina 11

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# NAMAMATAY NA PRESO SA CAVITE, NADAGDAGAN NA NAMAN

**UMABOT na sa bilang ng 14 na preso ang naitalang namatay sa mga Custodial Center sa Cavite sa loob lamang ng dalawang buwan , nang muling naitalang namatay ang isa pang preso sa Rosario, Cavite**

Sa report ni PO1 Joey-Luz Pulusan, ng Rosario Municpal Police Station, dakong 11:50 ng umaga nitong Martes nang nakaramdam ng hirap sa paghinga si Sandy Concha, 31, dalaga ng Brgy. Ligtong 1 Rosario.

Isinugod si Concha sa Rosario Medical and Maternity Clinic kung saan idineklarang dead on arrival.

Ayon kay Dr. Lino Antonio Baron, Electrolyte Imbalance, Gastro Enteritis with Dehydration and Pulomnar Tuberculosis ang sanhi ng ikinamatay ni Concha na nakulong dahil sa kasong paglabag sa Sec. 5 at 11 ng R.A. 9165.

Si Concha ay pang-14 sa bilang ng mga natalang mga namatay sa preso sa iba't ibang custodial center sa Cavite.

Nitong nakaraang Linggo magkasunod na naitalang patay ang tatlong preso sa Bacoor at Imus Custodial Center matapos na isugod ang mga ito nang nakaramdam ng hirap sa paghinga habang nakakulong.

Kinilala ang mga nasawi na sina Arnel Santos, alias Nhell, 42, ng Block 36 Lot 25 Phase 3 Golden Shower St., Carmella Homes, Brgy. Molino 3, Bacoor City, Cavite; Arnel Vequilla, 33, ng 378 Brgy. Toclong 1-B Imus City; at Cesar Macuha, 54, binata, ng 252 Farmers Village, Bucandala 4, Imus City.

Si Santos ay naaresto at nakulong sa Bacoor Custodial Center noong Set. 17, 2018 dahil sa kasong physical injuries at grave threat habang si Vequilla ay naaresto at nakulong noong September 14, 2018 dahil sa kasong paglabag sa R.A 9165.

Naaresto at nakulong naman sa Imus Custodial Center noong September 26, 2018 si Macuha dahil sa paglabag sa R.A. 7610.

Pinakamaraming naitalang namatay na preso sa Dasmarinas City Custodial Center kung saan sampung preso ang naitala sa pagitan ng Agust 15-September 30 ng taong kasalukuyan. **GENE ADSUARA**

# NGCP CALABA Energy Corps, nanumpa

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)-** Pormal na nanumpa ang mga nahalal na opisyal ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) CaLaBa (Cavite-Laguna-Batangas) Energy Corps sa isang simpleng seremonya sa tanggapan ng NGCP sa Binan, Laguna kamakailan. Pinangunahan ni Philippine Information Agency (PIA) Calabarzon Regional Director Ma. Cristina C. Arzadon bilang inducting officer ang naturang panunumpa.

Ayon kay Ivory Roguel, Regional Communications and Public Affairs Senior Associate ng NGCP South Luzon ang panunumpa ng mga media practitioners ay bahagi ng hakbang ng NGCP upang maging katuwang ang mga mamamahayag na nasasakop ng Cavite, Laguna at Batangas para ipalaganap ang mga impormasyong maaaring ibahagi sa publiko lalo na ang pag-iingat sa mga transmission lines ng NGCP.

Sa mensahe naman ni Arzadon, sinabi nito na nagagalak siya dahil siya ang nanguna sa panunumpa ng mga halal na opisyal at nagbigay ito ng kasiguruhan na patuloy na magiging kaagapay ng NGCP at mga media practitioners ang PIA sa pagpapalaganap ng impormasyon.

"Asahan niyo po na kami sa PIA ay patuloy na magiging katuwang ng NGCP at lahat ng media practitioners sa Calabarzon para sa tama at napapanahong impormasyon. Bago po ako naging bahagi ng aming tanggapan ay dating media practitioner din ako kaya't may mga pagkakataong nararanasan ko din ang mga nararanasan ng mga media practitioners na andito. Sabi nga nila once a reporter, always a reporter kaya't sama sama po tayo sa pagpapalaganap ng impormasyon para sa ikabubuti ng nakararami," ani Arzadon.

Ang mga sumusunod ay ang mga nahalal na opisyal ng NGCP CaLaBa Energy Corps:- President: Daniel Castro (DZJV); Vice President for Cavite Rebecca Velasquez (PMC); VP for Laguna - Turing Crisostomo (The Morning Chronicle); VP for Batangas: Bhaby De Castro (PIA Batangas); Secretary - Josephine Escovidal (Expose and THISKwento magazine); Board Manager for Print (Cavite) - Ma. Franchesca Orlain - Cavite Times Journal; Rommel Madrigal - Balitang Pinoy and Dhezz Aclan - Headlines News Today; Board Manager for Broadcast (Cavite) Grace Maniaga - PTV4; ( Laguna) Edjun Mariposque - GMA 7; Renz Belda - DZRH/DWAL FM; Board manager for Online (Cavite) Ruel Francisco - PIA Cavite; (Laguna) Robert Maico-GMA 7; (Batangas) Joenald Rayos-Pahayagang Balikas. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA BATANGAS)**



May mahalagang bagay ang pinag-uusapan ng dalawang magiting na senador na sina Sen. Gregorio Honasan at Sen. Panfilo M. Lacson sa loob ng session hall. **FREDDIE M. MANALAC**

# RPOC members meet to review peace and order programs in Calabarzon

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) –** Regional Peace and Order Council (RPOC) chairperson Cavite Governor Jesus Crispin Remulla met recently with officials from the Philippine National Police (PNP) of the provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, and Quezon along with other Council members at Sherwood Hills Golf Club, Barangay Cabezas here.

Convened by the Department of Interior and Local Government (DILG) Regional Office IV-A who serves as secretariat, the RPOC meeting aimed to review and update the progress of the peace and order programs implemented in the five provinces.

During the meeting, the Philippine National Police IV-A Regional Director Chief Supt. Edward E. Carranza briefed the Council members on the peace and order situation in the region highlighting the significant decrease in the Total Crime Volume by 6.15% in 2018, both index and non-index crimes.

Carranza said: "We can safely say that we successfully sustained the reduction of crimes." He attributed the success to the relentless, consistent implementation of Police Regional Office IV-A's plans and programs; best practices; and strategic crime interventions.

A 23.90% reduction on crimes based on the comparative distribution of eight focus crimes (theft, physical injury, robbery, murder, rape, carnap mc, homicide and carnap mv) was also noted for the period January 1 to August 31, 2018 as against the same period last year, which Carranza attributed to the sustained efforts of all provincial police offices.

Pointing out the downtrend on the number of crime incidents, Carranza stressed that there is a significant reduction of crimes since his assumption in June 2018, recording the all-time low incidents in August 2018 with 602.

Reports on drug situation in the region, on the other hand, was presented by Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) IV-A Regional Director Adrian G. Alvariño.

Dir. Alvariño said that shabu is still the primary drug of choice being used or sold in the region, adding that previous anti-drug operations revealed the prevailing modus operandi of manufacturing the illegal substance with a number of shabu laboratories raided.

He also cited the different ways of smuggling drugs into the country like the recent discovery of the four magnetic lifters in a leased warehouse in General Mariano Alvarez, Cavite.

Alvariño also reported the arrest of two Chinese nationals in a recent buy-bust operations in Rizal Memorial Stadium by the joint operatives of PDEA, Army Intelligence Regiment, and other counter-intelligence groups.

The Barangay Clearing Program wherein users and pushers were identified in a list of drug personalities with the PDEA operatives was also discussed. In this program, suspected users will undergo drug tests and if results were negative then suspects' names will be cleared from the list while those who tested positive will go through intervention programs for rehabilitation and counselling before going back to mainstream society.

Suspected pushers are categorized as 'active'; those who 'stop' for more than six months and those that are 'no longer' residing in the barangay. Active suspects will be arrested through anti-drug operations while those that had stopped will be placed under "suspense file" for close monitoring and those that are no longer residing in the barangay should be certified by the respective barangay captain and attested by chief of police or COP.

The Dangerous Drugs Board (DDB) Resolution No. 3 series of 2017, a revised guidelines in the conduct of drug clearing operations was also discussed along with DDB Resolution No. 2 series of 2018 which tackles the guidelines for community involvement in reforming drug offenders into self-sufficient and law-abiding members of society.

In relation to DDB Resolution 2, Dir. Alvariño was happy to share the news of the launching of "Balay Silangan" in the cities of Sta. Rosa, Laguna and Lipa, Batangas which will help in the complete reformation of drug surrenderees/offenders.

Dir. Carranza's also presented the "Oplan Bandila," his brainchild program that aims to promote patriotism and sense of duty to the citizen of CALABARZON.

The initiative deals with proper decorum during flag raising ceremonies and singing of the national anthem or the implementation of RA 8491 otherwise known as the "Flag and Heraldic Code of the Philippines."

Carranza said that the Oplan Bandila is timely because some of the millennials nowadays seem to lack a sense of patriotism and love for country and this is a good way to instill among them the respect for flag, for the national anthem, while also giving them a sense of responsibility to be productive citizens of the country. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite)**



## KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

# Roque inalis na 'spox': banta na kasi sa ambisyon ng ilan?

**INSPIRASYON SA BUHAY: "…** Ang ilaw ng Israel ay magiging apoy, ang Banal na Diyos ay magniningas, at susunugin niya sa loob ng isang araw maging ang mga tinik at dawag…" (Isaias 10:17, Bibliya).

-ooo-

**ROQUE INALIS BILANG "SPOX" KASI BANTA NA SIYA SA AMBISYON NG ILAN?** Ano itong naririnig ko na kaya daw inalis na si Presidential Spokesman Harry Roque kasi maraming mga nakapaligid kay Pangulong Duterte ang kinakabahan sa nakikita nilang pagsikat ng dating party list congressman dahil sa araw-araw na paglabas niya sa mga diyaryo, radyo, telebisyon, at online media?

Sabi ng mga kaibigan ko sa gobyerno, kinailangang alisin na si Roque sa limelight, o sa puwesto niya bilang spokesman na nakikita, nadidinig, at nababasa ng milyon-milyong Pilipino araw-araw, kasi baka magkaroon ito ng grabeng lakas sa mga mamamayan pagdating ng halalan sa 2022, at masapawan tuloy ang mga nag-aambisyong maging pangulo mula sa mga naunang kakampi ni Duterte.

Litaw na litaw kasi ang kahusayan ni Roque sa pagpapaliwanag sa mga pang-araw-araw na isyung kinasasangkutan ng Pangulo, at ang pinakahuling halimbawa ng pagpapakitang ito ng kahusayan ni Roque sa pagganap sa kanyang mga tungkulin ay noong panahon ng pagragasa ng bagyong si Ompong kung saan siya ang naging sentro ng mahusay na pagkilos ng buong gobyerno para tulungan ang mga kababayan nating sinasalpok ng malalakas na ulan at hangin. Tila marami ang natakot kay Roque dahil dito.

-ooo-

**MGA PATOTOO NI JESUS NA SIYA ANG DIYOS AMA, ANAK, AT ESPIRITU SANTO (XVII):** Sa Mateo 17:1-13, Marcos 9:2-13 at Lucas 9:28-36 ng Biblia, makikita natin ang kuwento ng "pagbabagong-anyo" ni Jesus sa harapan mismo ng kaniyang mga alagad—sina Pedro at ang magkapatid na Santiago at Juan—noong sila ay nasa isang mataas na bundok. Nakita ng mga alagad na nagliwanag na parang araw ang mukha ni Jesus at nagningning sa kaputian ang Kanyang damit, at nakita ng tatlong alagad sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Jesus.

Kung pag-iisipang mabuti ang pangyayaring ito, hindi puwedeng hindi natin makita na ang "pagbabagong-anyo" ni Jesus ay Kanyang ginawa upang ipakitang Siya ang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ang ibinabadya ng pagliwanag na parang araw ng mukha ni Jesus at pagniningning sa kaputian ng Kanyang damit ay ang katotohanang Siya ang "Ilaw" at ang "Liwanag" ng sanlibutan.

Sa napakaraming bahagi ng Biblia, sinabi ni Jesus na Siya ang "ilaw ng sanlibutan". Ganundin, nagpapahayag ang Diyos Ama Siya na Siya ang "ilaw ng Israel", ang Banal na Diyos na magniningas, na Siyang susunog sa loob lamang ng isang araw, sa mga tinik at dawag sa daigdig. Ang suma-tutal ng lahat ng mga pagpapahayag na ito ay iisa lamang: si Jesus, ang Ilaw, ang Siyang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo.

-ooo-

**MGA MAGULANG NA DI NAGSUSUPORTA SA ANAK, KULONG NG 20 TAON:** Naririto po ang isang tanong mula kay Bb. Gemma F., na ipinadala sa Facebook account na "Atty. Batas Mauricio" na hindi ko na binago ang pagkakasulat: "gd pm po atty .isa po ako sa libo libo nyong taga pakinig sa inyong himpilan. may gzto lng po akong malaman dahil kc lht ng lomalapit po sa iyo atty halos ganyan den po ang problema ko. ngayon lng ako naglakas ng loob. may anak kc akong dalawa sa asawa ko naghiwalay po kmi dahil sa mga pinanshal na problema "… lalake at babae po anak namen. d po kmi kasal kaya sa akn naka apelyedo ang mga bata kc nga d kmi kasal. 2013 dec 20 umalis po cya bahay. nagtalo po kmi, mula nong d na cya nagpakita sa amen. umuwe cya sa Lugar nila sa bariis, albay. ang bunso nmen 4 buwan palng non. dahel sa wala nmn akong pera d ko nmn cya senundan sa bicol atty. may karapan ba akong magrecklamo sa kanya dahil sa hendi nya pag bigay ng sostento sa anak namen kc lalo nag aaral cya…"

Sagot po ng LAWYERS IN THE LIGHT (Lawyers Instructed no Godliness, Humility, and Truth): Ang mga lalaki o babae na di sumusuporta sa kanilang mga anak ay lumalabag sa Anti-Child Abuse Law, o RA 7610. May kulong po sila ng hanggang 20 taon. Kaya lang, padalhan muna dapat ang mga ito ng sulat na humihingi ng suporta para sa kanilang mga anak. Pag di nagbigay ng suporta, idemanda na sila agad sa Prosecutor's Office.

-ooo-

**MAKINIG, MANOOD:** Ngayon, ang "Ang Tanging Daan", isang Bible study at prayer session sa Internet, ay mapapakinggan at mapapanood na ng 24 ORAS, sa Pilipinas at sa buong mundo, sa Facebook, sa www.facebook.com/angtangingdaan . Telepono: 0933 825 1308, 0917 984 2468, 0977 805 9058. Email: batasmauricio@yahoo.com.

## SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



# Good o poor performance

**KAPAG** pumasok na tayo sa election period ay asahan na natin ang pagpapatupad ng balasahan sa hanay ng matataas na opisyal ang Philippine National Police.

Ang sabi nga ni PNP chief Director General Oscar Albayalde ay bilang paghahanda sa darating na 2019 midterm elections.

Sinimulan na nga ni Albayalde ang re-assignment ng ilang mga provincial directors sa layuning makatiyak ng isang fair and honest election.

Unang nasampolan ng balasahan ay ang provincial director ng Zambales.

Ginagawa ko ang pitak na ito ay napipinto ang pagtatalaga ng mga bagong opisyal sa Provincial Region Office 4A.

Kasama siyempre ang National Capital Region Police Office at iba pang panig ng bansa.

Hindi naman ibig sabihin na kaya naapektuhan sila ng pagbalasa ay poor ang kanilang performance.

Paliwanag nga ni PNP spokesperson C/Supt. Benigno Durana, ginawa ito upang i-level ang sinasabing 'playing field.'

Isa pa ay para makatiyak na hindi makakaimpluwensya ang mga pulis o opisyal na may mga kamag-anak na kakandidato.

Nangyayari naman talaga na nagkakaroon ng impluwensiya kapag may kamag-anak ang kandidato na police official na nasa kanilang lugar.

Ganoon din sa hanay ng mga guro, medyo nakakalamang o lyamado ang kandidato kapag may kaanak na teacher sa area nila.

Kaya naman ginagawa rin ng Department of Education ang balasahan sa hanay ng kanilang mga guro tuwing panahon ng halalan.

Itong balasahan sa hanay ng PNP official ay pansamantala lamang.

Kapag nagtapos na ang election period, ang mga nalipat na pulis ay maaaring muling maibalik sa kanilang dating puwesto.

Kapag naibalik sa dating puwesto ang mga na-reassign na opisyal, isa lamang ang ibig sabihin niyan kung good o poor.

Maganda o good ang kanilang performance sa pinanggalingan nilang puwesto.

Kapag hindi naibalik sa dating puwesto, ibig bang sabihin ay poor performance.

Hehehe, abangan na lamang natin.

## EDITORYAL

# Impluwensiya ng mga kabataan

**BATAY sa pananaw ng Commission on Elections ay malaki ang magiging impluwensiya ng mga kabataan sa darating na halalan sa Mayo, 2019.**

**Ang sabi ni Comelec Spokesperson James Jimenez, mahigit 1/3 kasi ng mga botante ay pawang kabataan.**

**Itinuturing na isang malaking kontribusyon ang pagiging aktibo ng mga kabataan sa mga maiinit na usapin sa lipunan.**

**Pagpapakita na hangad ng mga kabataan na marinig ang kanilang boses.**

**Nais din ng mga kabataan na makarating sa pamahalaan ang kanilang mga concern dahil nababalewala na ang hanay nila.**

**Sana nga lamang ay iwasan ng kabataan ang kapusukan para sa kanilang mimimithi at ipinaglalaban.**


ADVERTISING RATES

COMMERCIAL --------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ----- P160/col.cm



HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS** *Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES** *Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA** *Advertising Manager*

**MARLON BAGUS** *Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO** *Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.***

# MUSEO DE LA SALLE TO FEATURE CIRCA '50s-90s' FASHION IN CAVITE

**DASMARIÑAS CITY, Cavite – In celebration of museums and galleries month, De La Salle University's on-campus museum here will feature "MODA: Ang Pagtatahi ng Lipunang Kabitenyo" starting 2:30 p.m. on Oct 19 featuring the fashion creations of seven local designers and how these reflect the Caviteño culture.**

Museo De La Salle Director Cecille Torrevillas Gelicame said Wednesday that the exhibit, which can be viewed at the museum's FSP Room, is a product of years of research by DLSU-D Faculty of History's Dr. Jesus Medina.

Medina successfully documented the Cavite fashion designers from 1950s to 1990s.

"The project, which forms parts of the museum's 'Glimpses of Cavite' exhibition program, will display selected 'obras' of the featured designers which represent the culture and semiotics of fashion in Cavite, and how it is interrelated to the local culture. And the role it played the establishment of 'Cavitesation' and its contribution to the nation's fashion landscape," Gelicame said.

The featured designers include Adorable's (Sapinoso) from Imus, Beedzee Caimol (Cavite City), Ole' Morabe (Rosario), Adrian Rios (Rosario), Ruben Samson (Imus), Ramon Santiago (Imus) and Michaelangelo Afable (Cavite City).

Moda (a French word which means trend or fashion) is a valuable aspect in the local history of Cavite as it mirrors an important trait of Caviteños who give value to cultural and religious occasions.

"Moda" reflects local practices, from personal occasions like birthdays and weddings, to church-based traditions like 'Santa Cruzan' (a parade of beauties held every month of May) and 'Flores de Mayo' (offering of flowers during the month of May), the Spanish influenced traditional dance 'Rigodon de Honor' and other traditions and merrymaking.

Most important of all, is how each of the designers' unique design, style, and materials used, including the color and what occasion it was used are considered valuable works of art, adds Gelicame.

Entrance to the museum comes with a fee and interested guests may come and visit the museum Tuesday to Saturday, 9 a.m. to 3:30 p.m.

The exhibit runs until Nov. 29. ***(Gladys Pino-PNA)***




## COC FILING UMARANGKADA NA, NATOTO NA KAYA ANG BOTANTE?

Umpisa na naman ng araw araw na parang fiesta sa bawat lugar dito sa ating bansa kapag mayrong kandidato na dumarating sa ating mga lugar na parang fiesta at kapaskuhan ang nangyayari sa tuwa at galak sa malaking kasiyahan ang nagaganap dahilan sa mga handa at pagsasaluhan ng ating mga kababayan dahilan sa mga pulitikong kanilang sinusuportahan.

Ang tanong natin natoto na kaya tayong mga botante na makapili kung tama ba o mali ang kandidato na ating mapili na siya talaga ang karapat dapat na pagkatiwalaan ng nagiisang sagrado na boto ng ating mga kababayan.Sana pagaralan ng maayos kung sino talaga at wag magpa influensya sa malalaking pangalan o sikat na pangalan at hindi mo kabisado ang nilalaman ng takbo ng isipan at kalooban ng isang pulitiko.

Sana tandaan natin kung sino sino ang mga nagkakalat at mga nasa iskandalo na nagkalat at nakakasira sa kanilang pagkatao na alam po natin ang labanan po rito sa atin ay pera pera

Palagi ang batayan. Wag sana nating kalimutan ang tunay na makatao at tunay na tumutulong sa pangangailangan ng taongbayan at may trackrecord na hindi makakalimutan ng mamamayan at sana higit sa lahat wag haluan ng pandaraya itong darating na halalan sa 2019.

Hangad natin ang maayos na halalan at pagkatapos ng eleksyon tapos na at wala na tayong maririnig pa na dinaya si ganito at sig anon sana wala narin mga fake news at maging makatotohanan sana ang bawat isatisa sa atin at maiwasan na ang mahigpit na siraan at at wag magpadala sa ganda ng pangako ng isang pulitika para magkaroon ng kaayusan ng eleksyon at suriing mabuti kong sino talaga ang dapat mong pagkatiwaan ng sagradong boto at maipakita natin na ang araw ng eleksyon dyan natin maipakita sa lahat na ang panahon ng botohan ay pantay pantay ang lahat mayaman at mahirap ay parehong nagiisang boto lang pareho.

Sa ating mga taga subaybay sa dyariong Hanep at taga pakinig sa Radio Bandido DZRJ 810 KHz 6:00 to 7:00 pm daily salamat po sa inyong lahat pwede kayong tumawag sa tel: 8954460/ 8978374 and text your own opinion to 09154796581 lahat ng calls ay aming pinagbibigyan phone in your calls without screening Or email : jojodemetilla@yahoo.com. And don't forget to like our page in facebook DZRJ 810 am - VOICE OF THE PHILIPPINES







**Bacoor City, Cavite** – The month long celebration of the "Bakood Festival" in Bacoor City, Cavite has demonstrated its capability in promoting the rich culture of Bacooreños as it was awarded the grand winner Best Tourism Event Festival Category (City Level) and its Local Government Unit led by Mayor Lani Mercado Revilla was awarded second runner up for Best Tourism-Oriented LGU (City Level) in the 13th ATOP-DOT Pearl Awards held at the, Cagayan De Oro, Misamis Oriental on October 5, 2018.

The festival in Bacoor which is dubbed as the "Marching Band Capital of the Philippines" surely taken the hearts of tourists they showcases the history, talents, culture and local products of the city in the activities lined up during its month-long celebration every September of the year.

The DOT-ATOP Pearl Award is a competition of best tourism practices and a convergence of all tourism stakeholders in the country.



**PROMOTING PUBLIC HEALTH PROGRAM:** Hundreds of residents of Brgy. Tirona in General Mariano Alvarez availed free medical services brought by the Provincial Government of Cavite on October 8, 2018. The mission team consists of medical and dental team of Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital and CarSiGMA District Hospital with some employees of the provincial government were welcomed and assisted by the barangay officials led by Barangay Captain Dennis Ayala. The outreach event was part of the provincial government's public health program.— **(PICAD)**

# CAVITE TEACHES STUDENTS TO BECOME ENTREPRENEURS

**INDANG, Cavite – Close to 800 students, joined by their professors from various colleges, universities in Cavite, attended this year's students entrepreneurial forum organized by the Provincial Government of Cavite, through its Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO).**

According to the Provincial Information and Community Affairs Division (PICAD) on Tuesday, the Cavite Entrepreneurship Students Forum with the theme: "Entrepreneurial Mindset: Unleashing the Power of Today's Generation", was held at Cavite State University campus here on Oct 4.

The forum, PICAD adds is aimed at promoting "a sustainable economic development in the community and to impart the effectiveness of having a well-developed and innovative entrepreneurial mindset."

The participants, driven by their desire to gather some tips and inspiration from successful entrepreneurs, were warmly welcomed by PCLEDO head Alvin S. Mojica.

Mojica encouraged everyone to be an entrepreneurs as it may lead aspiring businessmen in achieving unlimited income.

At the forum, Indang Councilor Crispin Diego "Ping" Remulla delivered an inspirational message on behalf of Gov. Jesus Crispin Remulla.

On the other hand, Liza Gabatan, Entrepreneurial Division Head of PCLEDO discussed a brief overview of the Cavite Entrepreneurship Students Forum.

Roberto R. Castañeda, CEO and Founder of Don Roberto's Winery Corporation discussed "The Entrepreneurial Mindset: Entrepreneurship and Innovation" to help educate aspiring entrepreneurs on the importance of having a positive outlook in life, incomparable passion and upright sense of time.

The afternoon session was comprised of two sets of forums, wherein students raised their queries and gathered some useful advices from the panelists as they build their own businesses.

The initial forum topics covered include "Towards Entrepreneurial Success: Their Testimonies and Challenges," facilitated by Virginia Malipol (Owner, Amira's Buco Tart Haus) with Ma. Isabel Punzalan (President, Delfa's Food Products, Inc.), Bing Angeles (Owner, Ocean Fresh Tahong Chips) and Ericson Atanacio (President, Terre Verde Ecofarm, Inc) and moderated by PLCEDO's Livelihood Division Head Sheryll Loyola,

Also discussed are topics on "Getting Started: Young Entrepreneurs' Insights and Advice" where Keith Varias (Owner, Chicoi Solutions Computer Services), Marc Hermes Sumulong (Owner, Greenshop Ecopreneurs and Unit Manager, Sun Life Phils.), Madonna Rolle (Owner, Zenith Events Management) and Noreen Claire Legaspi (Founder/Creative Director, Lit Digital) acted as resource speakers and moderated by Janice Burgos-Diesta, Sr. Cooperative Development Specialist of PCLEDO.

Provincial Director Noly Guevara of DTI-Cavite graced the event on behalf of Vice Governor Ramon Jolo Revilla III, who advised participants to create what's in demand while advising participants to learn and adopt on the offered changes and innovation of the desired industry.

The event was highlighted with Trade Fair Exhibit where eco-friendly products made by the students from various colleges and universities in Cavite were on display.

STI College-Dasma was awarded 1st Place for the Most Promising Product followed by PUP-Maragondon and CVSU-Indang, respectively. ***(Gladys Pino-PNA)***



## HELMET

ni FREDDIE MANALAC

# MGA ILLEGAL NA BOOKIES NG KARERA IPASARA LAHAT

**ANG TULUYAN** pagsasara ng mga **ILLEGAL NA BOOKIES** ng karera ng kabayo sa kalakhang Maynila ay naging malaking tulong para sa kikitahin ng gobyerno.

Magiging maganda ang resulta ang pagsasara ng lahat ng illegal na bookies sa Maynila dahil LOMOBO ang bentahan sa takilya ng mga Off-Track-Betting Stations (OTBs).

Sa mga OTB na ngayon tumataya ang Bayang Karerista. Sa OTB ay sigurado at alaga ang mananaya sa kanya tinatayaan. Dito ay walang diskuwentong nangyayari di gaya sa mga illegal na bookies may diskuwento ang tama mo.

**SAAN PA KAYO, SA OTB NA TAYO! ALAGA KA DITO!**

**OOO**

May ilang Machine Teller sa mga OTB na may pagkatamad at mabagal kumuha ng TAYA ng mga mananaya. Puwede ng tumaya ang mananaya ngunit ayaw pa rin kumilos ang MACHINE TELLER upang kunin ang taya.

Maraming tumataya ang NAIINIS sa ganitong paguugali ng mga MACHINE TELLER. Hindi tataas ang "Sales" ng kanilang OTB kung ganito ang kanilang ginagawa.

Minsan ay inaaway pa ng isang Machine Teller ang isang tumataya at sinisigawan pa ito kung nagkamali sa tinayaang numero. Kung may sukli naman ang isang tumataya sasabihin nito ng "Taya mo na lang ang sukli mo" tama ba ang ganito?

Mga Machine Teller sana ay gawin ninyo ng MAAYOS ang inyong trabaho sa mga tumataya sa OTB na iyong siniserbisyuhan.

**AYOS BA ITO? AYUSIN NINYO LANG**

**OOO**

Isang kasamahan natin sa larangan ng pamamahayag ang matuturing natin na may busilak ang puso lalo sa mga mahihirap natin kababayan. Isang propesor din at mahusay na Manager ng Philippine Amusement ang Gaming Corporation. (PAGCOR).

Ito ay si MR. EDWARD G. PEREZ. Dahil sa kanyang angking katalinuhan at mataas na pinagaralan,bukod pa sa pagiging magiting na mamamahayag at propesor.

Siya po ay PILIT na inilulugmok sa putikang ng mga lintik na kasamahan niya sa trabaho. Kayo po ay mabibigo lamang sapagkat ang tao pong ito ay pinagpala ng ating Poong Maykapal.

Dahil sa mabuti nitong pag-uugali, pagiging relihiyoso, tagapagtanggol ng mga naaapi lalo na ng mga kababaihan at pagiging matulungin sa mga nangangailangan.

Kaya magsitigil na kayo diyan na mga HINAYUPAK kayo at pag naging hepe ng PAGCOR si Mr. Edward G. Perez sa 2016 siguradong pupulutin kayo sa KANGKUNGAN.

**OOO**

Maraming naiinis na mga mananaya dahil sa tagal ilarga ang karera sa bawat race. Ano daw ba ng hinihintay at lagi ganito ang ginagawa halos ng tatlong karerahan. Laging atraso ang takbo ng karera.

Kung maaari daw ay pagnasa likod na lahat ng mga kabayo ng starting gate

Upang maiwasan ang hindi kanais-nais na ginagawa ng mga hinete o ang mga tao sa likod ng starting gate.

Minsan daw ay meron nangyayari HIMALA bago ilarga ang karera.

**PUWEDE DAW BANG ITONG GAWIN UPANG MAWALA ANG MGA MASASAMANG HINALA TUWING MAY KARERA?**

**OOO**

Binabati natin ang mga kaibigan natin MANINIYOT na nagkokober sa Senado at mga kaibigan natin na taos puso kung tumulong sa kapwa. Binabati ko ng Happy Racing ang kaibigan natin si Mr. Kenneth Causon at si Chong.

# DOH-CALABARZON Lauds Rizal Province for having best health care system

**DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon)** Regional Director lauded the participants of the province of Rizal for having one of the best hospital health care system in the region during the three-day "Collaborative Planning Workshop on Quality Management for City Health Offices, Rural Health Units and Barangay Health Stations of Rizal Province" held at the Ramada Hotel in Binondo, Manila on October 3-5, 2018

"It is very important that health workers in the community will have to complement the level of health care system in the hospitals to reduce the overload of patients. Patients must patronize rural health units because they are the frontline in providing patient care," he stated.

"It is for this reason that the regional office created the health facility operations and development unit to provide facility, equipment and technical support to rural health units and to ensure their capabilities to provide primary care to their respective areas," he added.

"As health officers, we have always aspired that our rural health units could become diagnostic centers because it has the potential to improve patient care and help limit unnecessary expenses."

As of 2017, there are a total of licensed 26 birthing homes, 17 TB-DOTS Centers, 12 Animal Bite Treatment Centers (ABTC), 1 Maternity Care Package (MCP) provider and 1 clinical laboratory.

Janairo emphasized that the regional office has the responsibility and obligation to extend support including human resource in order to ensure that every rural health unit will be functional and properly equipped. "Patients must go to their nearest health unit and not to a distant hospital which can be costly with regards to transportation and other expenses."

"This is the time to present to us your dreams and aspirations including your plans on how to improve community health care in your area. Let us join hands and together we can provide greater service to our people," he encouraged.

The province of Rizal consists of 13 municipalities namely San Mateo, Cainta, Taytay, Angono, Morong, Binagonan, Rodriguez, Teresa, Tanay, Baras, Cardona, Pililia, Jala-Jala and 1 City, which is Antipolo. The total population is 2,284,046. GA



**DOH-CALABARZON** Regional Director Eduardo C. Janairo encourages health workers of Rizal Province to externalize what they aspire for to improve their health care units and assure them that the the regional office will provide them support during the three-day "Collaborative Planning Workshop on Quality Management for City Health Offices, Rural Health Units and Barangay Health Stations of Rizal Province" held at the Ramada Hotel in Binondo, Manila. **BOY NAMORA**

# Bronze Medal hatid ni world class bowler PH bet Kenzo Umali

**MULI na naman pinatunayan ni Kenzo Umali na pagdating sa larangan ng bowling kayang makipagsabayan ng Pilipinas sa pandaigdigang torneo matapos makopo ang bronze medal sa katatapos na 19th Asian School Tenpin Bowling Championships na ginanap sa Tenpin Bowling Championships, Da Chung Bowling Center sa Taichung, Chinese- Taipei nitng Huwebes.**

Ang ipinagmamalaki ng Ateneo de Manila University na si Umali ay nakalikom ng 1,345 pinfalls para sa pangatlong puwesto ng boys singles event na nilahukan ng limampu't-anim na bowlers.Naisubi naman ng Hapon na si Hayashi ang gold medal habang si Alex Yu ng Hongkong ang nakapag-uwi ng silver medal.

Matatandaan kamakailan na si Umali ay hindi pinalad ng makakuha ng medalya sa nakaraang Asian Games sa Palembang, Indonesia. **(Marlon Bernardino )**

# Asuncion, Catayas nagkampeon sa 2nd Dr. Marlonsky Youth Chess Cup Tournament sa Davao City

**TINALO** ni Gino Angelo Asuncion si Jerson Pantalita sa labanan ng fancied bets sa sixth at final round para makopo ang korona sa 19 years old and below division habang dinaig naman ni James Catayas si Gian Luis Navalta sa tie break points para maghari sa 11 years old and below sa katatapos na 2nd Dr. Marlonsky Youth Chess Cup Tournament na ginanap sa Dr. Marlonsky Chess Center, Catalya Compound, Prk 5A, in front of Orchard Lane Homes (about minute walk from Buda National Highway); Km 20, Bgy. Los Amigos, Tugbok District sa Davao City nitong Linggo, Oktubre 7, 2018.

Malakas na sinimulan ni Asuncion ang kanyang kampanya para maiwui ang titulo ng 19 years old and below sa paglikom ng 5.5 points tungo sa top prize P3,000.

Ang one day Rapid event (15 minutes plus three seconds increment ) ay inorganisa ni General Surgeon Dr. Marlon Lepiten Sayson Jr., na suportado ng Mindanao Chessmastes and Knights of the Square Table,sanctioned ng National Chess Federation of the Philippines na pinangasiwaan naman nina FNA Joseph Gener"Jojo" Palero, NA Cecilio "Ely"Acas at NA Alfred Moulic.

Panalo si Hareve James Sumatra kontra kay Kurt John Placencia tungo sa two-way tie sa second place kasama si fellow five pointer Ryan Gabriel Rasay na namayani naman kay Wesley Jovan Magbanua. **(MARLON BERNARDINO)**



**UP VS NU - UMASINTA** ng pagbasket si UP forward Paul Desiderio habang nakapaligid sa depensa ang katunggaling NU player sa kanilang mahigpit ng paghaharap sa UAAP Season 81 sa Smart Araneta Coliseum. nagwagi ng gahibla ang Fighting Maroons sa Bulldgo 89 – 88 **(RGN)**



**SMB VS ALASKA** - TODO bantay sa tagpong ito Alaska forward Nonoy Baclao kontra sa opensa ni Marcio Lassiter ng San Miguel Beer na pinagwagian ng Aces sa Beermen sa maaksyong laro nila ng 2018 PBA Governors Cup sa Ynares Center, Antipolo City. **(RGN)**

## HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

# Magkapatid na Labog nagpakitang gilas sa Aragones Open Rapid chessfest

**NAGPAKITANG** gilas ang magkapatid na Mark Kevin at Eric Labog Jr.sa katatapos na Jane Helen Aragones Open Rapid chess touranment na ginanap kamakailan sa Aragones residence sa Maryhomes Subdivision, Bacoor, Cavite.

Nakuha ni Mark Kevin ang titulo sa paglikom ng 8.5 puntos matapos ang siyam na laro, kalahating puntos ang angat sa kanyang kapatid na si Eric Jr. na may 8 puntos. Magkasalo naman sa ika-3 hanggang ika-4 na puwesto sina National Master Romeo Alcodia at John Marx Anastacio na may tig 6 puntos. Ang iba pang nakapasok sa top 17 ay sina Israel "Ice" Landicho, Lourecel Ecot, Filipino at United States chess master Almario Marlon Bernardino Jr., Romeo Canino, Paul Christian Barroga, Jeremy Marticio, Roberto Barranda Jr., magkapatid na Jerome Angelo at Jerome Adrian Aragones, Eduardo Tunguia, Eduardo Campos Jr. at Jaime Umali.

Samantala, simula na ang pagpapatala sa Canon Carlsen Kasparov Chess Club's Weekly Open Rapid chess tournament na iinog sa Oktubre 14, 2018 na gaganapin sa Dugout Sports Bar and Music Place, tapat ng City Mall corner Sillas Street, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite

Ang three Sunday's October 14, 21, and 28, 2018 Weekly Open Rapid chess tournament ay nakataya ang P10,000 sa magkakampeon na bukas sa lahat ng manlalaro, may titulo man o wala, anuman ang kanilang kasarian at edad. **(Marlon Bernardino).**



**CHESS** - Matiyagang nag-iisip si Filipino International Master Jan Emmanuel Garcia (Elo 2439) sa kanyang susunod na sulong kontra kay Zambian Kela Kaulule Siame (2160) habang nakamatyag naman ang team captain na si Asia's First Grandmaster Eugene Torre.

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



# SUMBONG NG MGA KARERISTA

Marami sa Bayang Karerista ang nagtatanong kung bakit patuloy pa rin ang E-Sabong o Online Sabong na nag-ooperate hanggang ngayon. Isinasabay pa ang E-Sabong tuwing araw na may karera ng kabayo. Ito ang nagiging sanhi ng paghina ng sales o bentahan ng karera. Marami din ang nagrereklamo dahil naglilipatan ang mananaya ng karera sa E-Sabong dahil maganda ang ibinibigay na dibidendo kung mananalo ang pinustahang manok dahil maliit lang ang tinatanggal na porsiyento di gaya sa karera ng kabayo na malaki dahil sa tinatawag na "Train Law" na malaki ang kinukuhang porsiyento kaya lumiliit ang dibidendo. Ayon sa sumbong ng mga karerista ay sa Lungsod ng Quezon naglipana o halos lahat ng mga OTB's ay merong E-Sabong at sa Maynila naman ay sa Winford Hotel lang ang nag-ooperate. Samantalang sa Lungsod ng Mandaluyong at Pasay ay pinatigil ng mga Mayor sa mga OTB ang pagpapatakbo ng E-Sabong sa kanilang nasasakupan. Marami tuloy sa Bayang Karerista ang nagtatanong kung mayroon bang Mayor's permit ang mga OTB's at mayroon bang Franchise permit ang Manila Cockers para isabay ito sa araw na may karera? Nagbabayad ba sila ng tamang buwis sa gobyerno? Pinapatigil na sa mga OTB ang pagtanggap ng pusta ng E-Sabong dahil illegal umano ito ayon sa pinuno ng Games and Amusement Board (GAB). Kung hindi pa titigil ang E-Sabong sa araw ng may karera ay siguradong hihina o babagsak ang sales ng Horse Racing Industry dito sa ating bansa. Ang tanong, Manila Mayor Joseph Estrada at Quezon City Mayor Herbert 'Bistek' Bautista alam ba ninyo na merong illegal E-Sabong sa iyong nasasakupan?

# DOH-CALABARZON TO PROVIDE MORE SIGNIFICANT PROGRAMS FOR URSES IN THE REGION

**DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director vowed to provide more significant trainings for nurses to increase their knowledge and competencies during the two-day "Hospital and Public Health Nurse Conference" held in Pasay City on September 2-3, 2018.**

"We will provide the needed educational programs to ensure that their capabilities and qualifications respond appropriately to the health needs of the people and challenges of times," he stated.

"This conference will give essential updates, introduce new policies, and strengthen the service delivery network to improve the quality of care in the community and hospital setting," he added.

The nature of public health nurses' work in hospitals and in the community is physically and emotionally demanding. "They don't just deliver care and provide physical and emotional comfort to patients and their families; their work also entails critical tasks such as monitoring and assessment of their patients and assists in the conduct of disease surveillance and initiating interventions in the communities to prevent outbreaks".

Currently, there are a total of 1,496 deployed in the region under the under the Nurse Deployment Program or NDP. Cavite with 235 nurses, Laguna with 289, Batangas -235. Rizal – 241 and Quezon with 406.

According to Director Janairo, DOH-CALABARZON is the only regional office who have employed all job order nurses for 2018 even with the budget reductions implemented. "We do not want to sacrifice health care particularly now that we have the Dengvaxia concern to monitor for 5 years. We also need the manpower to accommodate the growing health needs of its population of 14,414,774, making it the most populated region in the country."

The Department of Health (DOH) Deployment Program is a composite of several human resources for health that aims to deploy, community-oriented and dedicated human resources for health to difficult areas.

The objective of NDP is to improve access to quality healthcare services, address the inequitable distribution of healthcare professionals and augment the need for human resources for health especially in rural, underserved, hardship communities; improve local health systems that will support the country's attainment of universal health care or "Kalusugan Pangkalahatan" and increase the health workers' employability through the provision of learning and development opportunities;

Director Janairo also assured support to local government nurses who were devolved during the local health devolution of 1991 which caused the decline in the quality and coverage of health services particularly in rural and remote areas. **GA**

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Para walang sisihan

**MAYROONG** ilang establisiyimento na nagpapatupad ng kanilang alituntunin hinggil sa parking area.

Partikular ito sa parking area na nakalaan sa mga single motorcycle.

Halimbawang magkasama o magkaangkas, ang isa sa kanila ay maiiwan sa motorsiklo dahil ang isa o ang kasama lamang ang aakyat o papasok ng opisinang pupuntahan.

Sabihin na nating ang mismong naiwan ay ang nagmamaneho o ang driver, iyan naman ang kalimitan.

Ang gagawin ng driver ay mauupo sa motorsiklo at karaniwang ginagawa ay ang paghawak ng kanyang cellphone para malibang habang naghihintay sa kasama niya.

O kaya naman ay hahanap ng puwestong matatayuan o maiistambayan sa bisinidad ng parking area ng mga motor.

Lalapitan at kakausapin siya ng guard on duty at pagsasabihang bawal ang waiting sa motorcycle parking area.

Dahil naroon naman ang driver ay ituturo ng guwardiya ang lugar na puwedeng pumarada ang motor na waiting lamang ang nagmamaneho.

Ibig sabihin ay may place para sa waiting at ang parking area for single motorcycle ay para lamang talaga sa magiiwan o magpaparada ng motor.

Ang katwiran ng sekyu ay may posibilidad ng insidente ng pagnanakaw kapag may nakaistambay sa parking area kagaya ng pagkakawala ng helmet, mga motorcycle gadgets at iba pa.

Hindi naman daw nila natututukan nang husto ang mga ipinaparadang motorsiklo.

Bilang guwardiya ay tungkulin lamang nila na ituro o hanapan ng space na mapaparahan ang motor.

Kapag may pangyayaring nagkakawalaan tulad ng helmet ay silang mga sekyu ang sinisisi ng driver.

Ang mungkahi nga lamang ng ilang sekyu sa mga driver ay siguraduhing safe ang lahat ng motorcycle gadgets at mas mainam na ikandado ang motor para sa seguridad.

Tama naman hindi po ba? Para walang sisihan.




**READILY SECURING A PEACEFUL COMMUNITY IN NOVELETA:** Continuously establishing a safe and peaceful environment for Caviteños, Governor Boying Remulla has been regularly distributing projects that will reinforce frontliners in delivering public service excellence. On October 8, 2018, as one of his best ways of giving back to the people, the governor formally handed over the keys of brand-new motorcycle patrol units to a total of 16 barangays in the municipality of Noveleta under the leadership of Mayor Dino Chua. All barangay chairmen, grateful enough to be the recipient of the patrol vehicle that will assist them in monitoring peace and order, as well as improving delivery of various social services in the community, pledged their support to Governor Remulla and to his programs that will further push growth. Likewise, they promised proper care and management of every project or equipment being funded by the provincial government for their welfare. Mayor Chua also took the opportunity to express his appreciation to the governor while checking the motorcycle units parked in front of their town hall. The ceremonial turnover was also witnessed by other guests including 1st District Board Member Gilbert Gandia and Vice Mayor Dionisio Torres together with members of the Sangguniang Bayan. **—(PICAD)**

# Mga miyembro ng CARD-MRI, tutulungan na maging miyembro ng SSS

